| | |
|---|---|
| **Name** | Marigold S. Mutia<br>Christian Mae V. Autero |
| **Subject Title** | Araling Asyano - Baitang 7 |

| Content | Description | Learning Competencies | Communication Skills Involved | Activities (*problem-solving and creativity skills*) |
|---|---|---|---|---|
| ***Heographiya sa Asya***<br>**A. Katangiang Pisikal ng Asya**<br>-Konsepto ng Asya<br>-Katangiang Pisikal<br>**B. Mga Likas na Yaman ng Asya**<br>**C. Yamang Tao**<br>-Yamang tao at Kaunlaran<br>-Pangkat-Etniko | Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kamalayan sa heograpiya , kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya ng mga bansa sa rehiyon tungo sa pagbubuo ng pagkakakilanlang Asyano at magkakatuwang na pag-unlad at pagharap sa mga hamon ng Asya. | 1. Naipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating – heograpiko: *Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, TimogAsya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/ Gitnang Asya.*<br>2. Mapapahalagahan ang ugnayan ng tao at kapaligiran sa | **A. Katangiang Pisikal ng Asya**<br>- Gawain 1: oral, written, interpersonal<br>-Gawain 2: oral, written, interpersonal<br>**B. Mga Likas na Yaman ng Asya**<br>-Gawain 3: oral, interpersonal | 1. **Krossalita** : Ang gawaing ito ay susubok sa kakayahang humanap ng mga salitang bubuo sa kaisipan tungkol sa paksa, at kung paano ito bibigyang kahulugan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito ay maka-bubuo ang mga mag-aaral ng mga pangungusap na may kaugnayan sa Asya at sa pisikal na katangian nito. Mula sa krossalita ay subukan nilang hanapin, sa anumang direksyon, ang salita na tinutukoy sa bawat bilang. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | paghubog ng kabihasnang Asyano<br><br>3. Nakapaghahambing ng kalagayan ng kapaligiran sa iba't ibang bahagi ng Asya<br><br>4. Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng: Agricultura, Ekonomiya, Pananahanan at Kultura.<br>5. Nasusuri ang | **C. Yamang Tao**<br><br>-Gawain 4: written, oral, interpersonal<br><br>-Gawain 5: written, oral | 2. **Tayo't Maglakbay! :** Nasa larawan ang mga lugar na lalakbayin ng mga mag-aaral at sa kahon sa ibaba nito ay isusulat ang sagot sa nakatalang katanungan hinggil sa larawan. Ang mag-aaral ay inaatasang tukuyin ang bansang kinaroroonan nito sa pamamagitan ng paglalagay ng linyang nag-uugnay sa larawan at sa bansang kinabibilangan nito.<br><br>3. **3 in 1 Game:** Ang buong klase ay hahatiin sa tatlong grupo.<br><br>***Unang grupo*:** Mga Bahagi ng Kapaligiran; yamang tubig at yamang lupa.<br>***Pangalawang grupo***: Oportunidad sa larangan ng Agrikultura, Ekonomiya, Pananahanan at Kultura<br>***Pangatlong grupo***: Panganib at |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | kaugnayan ng yamang-tao ng mga bansa ng Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon batay sa: dami ng tao, komposisyon ayon sa gulang, inaasahang haba ng buhay, kasarian, bilis ng paglaki ng populasyon, uri ng hanapbuhay, bilang ng may hanapbuhay, kita ng bawat tao, bahagdan ng marunong bumasa at sumulat, at migrasyon | | Banta sa mga likas na yaman. Ang bawat grupo ay magbibigay na angkop na mga konsepto batay sa mga Salita na nasa pisara. Sa pamamagitan nito matutukoy ng guro ang naunang kaalaman ng mga mag-aaral. At makakabuo ng konklusyon sa mga ibat' ibang larangan sa yamang tubig at yamang lupa.<br>---<br>**4. Likas na Ganda ng Asya, Iguhit mo! :** Sa isang Long bondpaper, gagawa ka kasama ang iyong partner ng isang depiction, maaring maipakita ito sa pamamagitan ng isang poster, graphics, tula, kwento o iba pa. Malaya mong gawin ang anumang nais mo sa pamamaraan ng paggawa nito, maging sa uri ng pang kulay na iyong gagamitin. Tandaan mo lamang na ang actividad na ito ay dapat maging mapanghikayat sa mga makakita nito. Ang kahalagahan ng yamang tao sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | pangangalaga ng yamang pisikal ng Asya ay dapat nasa iyong depiction na ipapasa.<br>---<br>**5. Kilala mo ba sila? :** May 10 larawan na ilalagay sa pisara, ang mga larawan na ito ay ang mga pangunahing etniko sa bawat parti ng Asya.<br>***Panuto***: Pagmasdan mo ang mga larawan sa pisara. Matutukoy mo ba kung saan rehiyon sa Asya sila nagmula? Ano ang mga katangian nila, kultura at iba pang pagkakakilanlan? May kahawig k aba sa kanila? Bakit kaya? Pagmasdan mong uli ang larawan. |